

# 1

*“Awkward. It is when you are face to face with your first love but you can no longer talk about the past, you don’t have the present to talk about and you are certain that there is no longer a future between the two of you.”*

Awkward. Iyan ang naramdaman ni Nikita Hernandez nang muli niyang nakaharap si Shawn Yu, ang first love niya. It had been six years since they last met. Ganoon pa rin si Shawn sa pagkakatanda niya. Matangkad, about 6’2” ang height. Maputi na mamula-mula ang balat. Chinito ang mga mata. Makapal ang mga kilay. Matangos ang ilong. Hindi masyadong kaakit-akit ang mga labi, pero nako-compensate iyon ng madetalye nitong panga. Sa suot nitong tuxedo, halatang-halata ang pagkalapad ng mga balikat ni Shawn, mga balikat na noon ay sinasandal-sandalan niya sa tuwing siya ay inaantok.

Hindi naman masyadong nagbago si Nikita. Maliban sa pag-ikli at pag-straight ng kanyang buhok na dati ay mahaba at kulot, nanaig pa rin ang ganda ng isang Chinese-Hispanic. Makinis na parang porselana ang kanyang balat. Hugis-Intsik ang mga mata niya pero malalaki at mahahaba ang mga pilik gaya ng mga Spanish beauties. Katamtaman lang ang tangos ng kanyang ilong. Ang mga labi niya ay may kaliitan at katamtaman ang kapal. Para siyang modelo ng isang magandang anime character.

## *Absolutely Yours - Sophia Conlu*

---

Muli silang nagkita sa kasal ng matalik nilang mga kaibigan. Nakasuot ng maid of honor gown si Nikita habang best man's tuxedo naman ang suot ni Shawn. Seven years ago, they imagined themselves standing before the altar, pero hindi sa likuran ng bride at ng groom.

Ikinasal ang mga college best friends nila na sina Jimmy Chan at Yolanda Lopues. Napilitan si Shawn na umuwi mula Taiwan kung saan na ito naninirahan para lang tumayong best man sa kasal ng matalik niyang kaibigan.

Nagkita na ang dating magkasintahan bago ang kasal. After the 'hi' and the 'helloes' ay tila wala nang mapagkukuwentuhan ang dating nagmamahalan. They had a past, a great past. Pero hindi nila puwedeng balikan iyon. Hindi dahil may masakit na alaala na dulot ang kahapon kundi dahil Shawn had moved on, or it seemed like it. May ipinakilala na kasi itong ibang babae sa mga kaibigan nila. At sa mga kilos nito at ng girlfriend, hindi lang simpleng boyfriend-girlfriend relationship ang mayroon ang pareha.

Nikita was pretty sure na wala nang pag-asa na magkakaroon ng kasalukuyan sa kanila ni Shawn at wala na rin silang hinaharap na dalawa.

Tandang-tanda pa niya ang unang araw na nagkakilala sila ni Shawn. Grade five sila noon at nag-aaral sa isang Chinese school sa Iloilo. Pumasok ang principal sa classroom nila, kasama ang isang payatot na batang lalaki. Ito ang sinasabi ng teacher

nila na estudyante galing sa Taiwan. Ito ang bago nilang kaklase, si Shawn Yu.

Nang unang dumating si Shawn, wala itong alam na ibang lengguwahe kundi Chinese lang. Iniwasan ito ng ibang bata dahil baka raw karatehin sila. Anak daw kasi ito ni Jackie Chan. Asiwa rin noong una si Nikita sa bagong kaklase, pero wala siyang nagawa dahil seatmates silang dalawa.

*“Ni hao, wo shi Lu Wei Xa. Wo te eng yi ming zi shi Nikita,”* pagpapakilala niya noon. Ang ibig niyang sabihin ay, “Lu Wei Xa ang Chinese name ko at ang English name ko ay Nikita.”

“Yu Xiao Wen,” sagot nito.

Matagal na naging si Xiao Wen si Shawn bago nito nakasanayang tawaging ‘Shawn’ ng mga kaibigan nito. Si Nikita ang pinakaunang Pinoy na naging kaibigan nito. Simula noon, halos hindi na mapaghihiwalay ang dalawa.

Nikita always had a mind of her own. Ginagawa niya kung ano ang gusto niya at kung ano sa tingin niya ang tama. Si Shawn naman ay halos hindi makakilos kung hindi nito maitatanong ang kanyang opinion. Hindi ito magpa-participate sa isang activity kung hindi siya kasama. Kaya napipilitan din si Nikita na mag-participate para kay Shawn. By the age of eleven, they already knew the principle of give and take.

Then, there was high school. After a summer in Taiwan, kapansin-pansin ang ipinag-iba ni Shawn. Bigla itong tumangkad

at nagkaroon ng laman ang katawan. He became one of the sought-after hunks at school. Umiba na rin ang mga gusto nito. He opened his world to other friends. Hindi na ito humingi ng opinion ni Nikita. He found his own way.

Hindi lang ang katawan at kilos ni Shawn ang umiba after that summer kundi pati ang pagtingin nito kay Nikita. Naapektuhan na ito sa mga tukso ng mga kaklase nila. Nahihiya na rin itong makipag-usap sa babae.

Noong nagkalayo sila, saka nila na-realize na may pagtingin pala sila sa isa't isa. It was not just a simple crush or infatuation. It was much more. Sa batang edad nila, their hearts were already beating as one. They already knew that they were meant for each other. Or so they thought.

Walang pormal na ligawan na nangyari kina Nikita at Shawn. Tila ba nagising na lang sila isang araw, exclusive na sila sa isa't isa. They remained faithful to each other. Halos lahat ng tao sa paligid nila ay tila tinanggap na itinakda sila ng tadhana para magkasama. Nothing could separate them. No one could go between their romance. And that romance—it was meant to be forever.

So, what went wrong?

It was certainly not the first kiss. Hindi mapigilan ni Nikita ang kiligin sa tuwing naiisip niya ang first kiss nila ni Shawn. Even after three years of being girlfriend and boyfriend, they never

shared a real kiss. Palaging sa cheek lang o di kaya ay nasa noo ang halikan nila. It was Nikita's rule. Natatakot kasi siya na pag pumayag na siya na makipag-passionate kiss kay Shawn, baka madala siya sa tukso na ibigay na ang lahat ng pagkatao niya sa nobyo.

Nikita had big dreams. Gusto niyang maging isang magaling na doktor at ayaw niyang baka sa isang desisyon na ibigay ang sarili niya sa nobyo, mawawala lahat ng pangarap niya. Shawn understood it and he never asked for one and just waited for the right time.

So, then it happened.

Nangyari iyon nang inihatid ni Shawn si Nikita pauwi sa bahay nila after his eighteenth birthday party. Papasok na sa bahay ang dalaga nang bigla siyang tumigil at tiningnan ang nobyo. Bumilis ang kanyang paghinga. Nanlalamig siya pero pinagpapawisan naman ang mga palad niya.

“Are you okay?” pag-alala noon ni Shawn. “May dinaramdam ka ba?”

Umiling ang babae. Huminga siya nang malalim at pumipiyok na sinabing, “Kiss me.”

Ngumiti ito. He leaned over and kissed her on the cheek.

Umiling siya. Tiningnan niya nang direktso sa mata si Shawn. “Kiss me,” ulit niya sa sinabi.

*Absolutely Yours - Sophia Conlu*

---

Napaisip noon ang lalaki. Tiningnan nito ang kanyang bibig at tumingin sa mga mata niya. Nangungusap ang mga titig niya na parang sinisiguro kung tama nga ba ang kanyang iniisip. At nang tumango si Nikita, isang malaking ngiti ang nabuo sa mga labi ni Shawn.

Humakbang ito palapit sa kanya. Kinailangan pa nitong yumuko dahil malaki ang agwat ng taas nito sa nobya. Mabilis din ang paghinga noon ni Shawn. Naghalo ang excitement at takot nito para sa kanilang first passionate kiss.

Parehong nanginginig ang mga labi nila habang papalapit ang mga iyon sa isa't isa. Halos sabay rin silang napapikit. Pagkatapos ay nagtagpo ang malalambot nilang labi.

Both their hearts jolted as their lips touched. Matagal bago nila muling iginalaw ang mga labi nila.

Noong una ay hindi nila alam kung saan patungo ang bawat halik. Sa itaas ba dapat ang mga labi ni Shawn at sa ilalim naman ang kay Nikita or was it the other way around? Hindi nagtagal, hindi na iyon mahalaga. Umayon na lamang ang mga labi nila sa isa't isa.

Initially, it was salty. Pero habang tumatagal, there was sweetness to it. It lasted for a few seconds, but it felt like two lifetimes for both of them.

At nang naghiwalay na ang kanilang mga labi, there was an awkward silence. Ang tanging naririnig lang ay ang malalalim

nilang paghinga at ang malalakas na tibok ng dibdib nila. Parehong namula ang kanilang mga pisngi. Pareho silang hindi makatingin nang direktso sa isa't isa.

Itinulak ni Nikita palayo sa kanya ang kasintahan at dali-dali siyang pumasok sa bahay nila. Kumatok sa pinto si Shawn pero hindi niya ito pinagbuksan. Tumakbo lang siya patungo sa kuwarto niya.

Ilang araw rin silang nagkahiyaan after their first kiss. Then, passionate kisses became part of their 'I love you's', 'goodbyes' and 'helloes'. But that first kiss remained with them forever. It became more special every time they shared a kiss.

So what really went wrong?

It was the timing and the expectations. Shawn needed to meet the expectations of his family in a time where Nikita was more into chasing her medical dreams rather than the man of her dreams.

May kaisa-isang kapatid si Shawn. Ang kuya niyang si Theo Yu ay isang engineer, but he was not supposed to be one. Bilang panganay, si Theo ang dapat na magmamana ng textile and fashion business ng kanilang pamilya na nakabase sa Taipei, Taiwan. Ngunit lihim itong kumuha ng kursong Engineering imbes na Business Management. Nagulat na lang ang kanilang mga magulang nang nabasa ng mga ito sa newspaper na isa sa top ten passers sa board examinations si Theo.

Theo refused to take over the business. Hindi ito nagpapigil sa pakiusap ng mga magulang na humalili sa kanilang negosyo, kaya itinakwil ito ng mag-asawang Yu. By that, the expectation to be the heir of *YiFu Fashions* was transferred to Shawn.

Kung tutuusin, plus pogi points iyon kay Shawn. Ngunit para sa kanya, isa itong malaking problema. Bilang president ng *YiFu Fashions*, kailangan niyang bumalik sa Taiwan at manirahan doon nang permanente. He was in a crossroad. Hindi niya puwedeng tanggihan at talikuran ang negosyo na dugo at pawis ang ipinuhunan ng mga magulang niya. Sa kabilang banda, ayaw niya ring manirahan sa isang lugar na wala si Nikita.

There was only one solution at iyon ay ang pakasalan ang babaeng mahal niya. Alam niyang papayag si Nikita sa alok niyang kasal. After all, a proposal was only a formality para sa kanilang dalawa. Ang talagang problema ay kung papayag ang nobya niya na manirahan sa Taiwan.

Nikita just got into medical school. She was one step closer to her dream of becoming a doctor. Alam ni Shawn na unfair dito na iwan ang lahat para lang sumama sa kanya. In fact, sigurado siya na hindi kayang i-give up ng kasintahan ang pangarap nito sa ngayon. But he was desperate. He just couldn't live without her by his side.

---

Tandang-tanda pa ni Nikita ang araw nang nag-propose si



Shawn. Papunta dapat sila sa isang party para sa medical students. Subalit ibang ruta ang dinaanan ni Shawn. Isang madilim na highway ang tinahak nito. Kakaunti rin ang mga bahay at building sa dinaanan nila. Then, isa-isang bumukas ang mga street lights.

Nang umilaw ang eleventh street light, nahulog ang panga ni Nikita sa sunod na nakita. Isang maliit na tent ang nakatayo sa ilalim ng poste at sa loob niyon ay may naka-set up na dinner date for two.

“What is this?” excited na naitanong niya.

“Dinner,” sagot ni Shawn, sabay kindat sa nobya.

Bumaba ito ng kotse at pinagbuxan siya ng pinto. Hindi makuhang maitago ni Nikita ang saya niya. She knew Shawn was up to something and she had a pretty good idea kung ano iyon.

Pagkadating nila sa mesa, nakita niya kaagad ang isang ring box sa ibabaw ng kanyang pinggan. Binuksan niya iyon. Tumambad sa kanya ang isang white gold ring na may eleven small-cut diamonds. Eleven ang paborito nilang numero ni Shawn. Kahit sa bulaklak, palaging labing-isang roses or tulips lang ang ibinibigay sa kanya ng nobyo.

Marami kasing meaning para sa kanila ang eleven. They met when they were only eleven. At kapag naisusulat daw kasi, nagmumukha itong dalawang tao na palaging magkasama. Ayon kay Shawn, ang ibig sabihin ng eleven para sa magnobyong ay, “In this one lifetime, you will only be the one.”

Tumulo ang luha ni Nikita. Tumingin siya sa katipan. May luha ring namumuo sa mga mata nito. Natawa siya nang makitang mangiyak-ngiyak ang nobyo.

Piningot nito ang kanyang ilong. Kinuha nito ang box sa kamay niya at inalis ang singsing. Kinuha nito ang kamay ng nobya at itinuon ang singsing sa kanyang daliri. Tumingin ito nang direktso sa mga mata niya.

“In this one lifetime, I will love only you.” Medyo basag at pumipiyok ang boses ng lalaki. Huminga ito nang malalim at nagpatuloy, “Can I be absolutely yours?”

“You’ve always been and you will always be,” umiiyak na sagot niya.

Isinuot ni Shawn ang singsing sa palasingsingan ng kaliwang kamay ni Nikita. Nagyakapan sila nang mahigpit. Then, they kissed. Mahaba at puno ng passion ang halik na iyon. Tila ba ayaw na nilang bitiwang ang mga labi ng isa’t isa. Natigil lang ang halikan nila nang pumutok ang mga fireworks. Isa-isa ring lumabas ang mga kaibigan nila na kinuntsaba ni Shawn.

“They are supposed to be my back-up plan,” pag-amin nito.

“Tama na ang halikan. Kainan na!” sigaw ni Jimmy. Pumito ito. Lumabas ang mga waiter at isa-isang inilagay ang mga pagkain sa mesa.

Everything was perfect. Nikita was a happy fiancée. She

could not stop staring at her engagement ring.

But the atmosphere changed when Jimmy suddenly spoke, “Alam mo ba, Niks, akala ni Shawn ay hindi ka papayag na sumama sa kanya sa Taiwan, buti naman at pumayag ka. So, kailan na ngayon ang kasal?”

Nagulat siya sa sinabi ng kaibigan nila. Napatingin siya sa mapapangasawa. May galit at pagdududa na namumuo sa kanyang mga mata. Did Shawn only propose marriage para mapuwersa siyang sumama rito sa Taiwan? Isang tanong na naglaro sa kanyang isip.

Alam ni Shawn kung ano ang kahulugan ng mga titig ni Nikita. She was asking for an explanation—more like a denial—from him. But the last thing he wanted to do was lie to her. Kaya ang naisambit lang nito ay, “I’m sorry. But I was desperate.”

Napuno ng katahimikan ang munting salo-salo ng magkakaibigan dahil sa nagbabadyang away ng magkasintahan.

---

“Kausapin mo ako,” pakiusap ni Shawn habang nagmamaneho, pero hindi pa rin umimik si Nikita. “Kung galit ka sa ginawa ko, then tell me. You know I can’t stand your silent treatment.”

Hindi pa rin umimik ang dalaga. Itinigil nito ang kotse sa di-kalayaun sa bahay niya. Hinarap nito ang girlfriend at halos

pasigaw na nagsabi na, “Lu Wei Xa.”

Kung nagagalit at naiinis kasi si Shawn, tinatawag siya nito sa Chinese name at magsisimulang magsalita ng Intsik.

“At ikaw pa ang nagagalit?” sumbat niya.

“I’m sorry, okay! I just didn’t want to leave without you,” sagot nito. “Next month, ipapakilala na ako ni Papa bilang tagapagmana niya. I’ll start my duty as the deputy CEO and president of our company. Kailangan kong manirahan doon.”

Kinagat ni Nikita ang labi niya. Tanda iyon na naiinis siya dahil may magandang rason ang binata. God knows how much she wanted to go with Shawn. How much she wanted to be his wife and to be the mother of his children. Pero napakabata pa niya. She was just twenty-two. Marami pa siyang gustong gawin. May mga pangarap siyang gustong abutin. She could not give it all up just yet.

“I need you there.” Halos nagmamakaawa na si Shawn.

“Pero... gusto kong maging doctor,” giit niya.

“You can be a doctor there,” rason nito.

“I want to be a doctor *here*,” nabilis na sagot niya.

“Niks, please, don’t do this to me.”

Tumingin ang babae sa singsing na ibinigay ng kausap. Tila nabasa ni Shawn kung ano ang binabalak ng nobya. Kinuha nito

ang kamay niya, sabay sabing, “Niks, please, please.”

Itinuloy niya ang paghubad sa singsing.

“Perhaps we’re rushing things,” pahikbi-hikbing tugon ni Nikita. Ibinalik niya sa lalaki ang singsing. “I love you. I will always love you, but I’m not ready to give everything up for you.”

Nakita niya kung paano bumagsak ang matitikas at malalapad nitong balikat. His eyes were filled with anger, disappointment, but mostly, pain. Alam ni Nikita na sobrang sakit ng ginawa niya sa nobyo. He did not deserve it. Shawn was a perfect boyfriend, a perfect gentleman and a would-be perfect husband.

She also shared the pain dahil alam niyang sa ginawa niya, she may have lost the man she loved and most of all, she hurt him so much.

Mabilis na bumaba sa kotse si Nikita at tumakbo papunta sa bahay nila. Naiwan ang lalaki na tumutulo ang luha habang nakatingin sa singsing. Ibinalot ni Shawn sa kamao niya ang alahas at pinagsusuntok ang manibela ng kotse.

For the first time in eleven years, he was disappointed and angry at Nikita. Palagi niya itong pinagbibigyan noon. He always gave in to her and he never complained. Para kay Shawn, dalawa lang ang mission niya. Ang una ay mahal in habang-buhay si Nikita at ang pangalawa ay ang paligayahin ito buong buhay niya. He started questioning if she felt the same way.

Bakit napakadali kay Nikita na bitiwang lahat? Was his love not enough?

---

Two weeks passed at hindi pa rin nagbati ang dalawa. Iyon ang pinakamahabang tampuhan nila. Wala ni isa sa kanila ang nag-initiate ng pagbabati. Hinintay ni Nikita si Shawn na unang gumawa ng paraan dahil nasanay siya na palaging ito ang humihingi ng tawad. Pero mukhang napuno na ang binata sa kanya dahil hindi ito nagparamdam.

“You did not know?” naalala pa niya ang pabulalas na tanong ni Jimmy noon.

Puno ng gulat ang kanyang mukha nang nalaman niya mula kay Jimmy na pumunta na sa Taiwan si Shawn. Napaaga raw ang pagpunta nito dahil sa isang investor na gustong magsimula ng bagong expansion para sa kompanya.

*And he did not dare tell me?* Magkahalong galit at pagkabigo ang naramdaman ni Nikita.

Was it the end for them? Alam niyang galit sa kanya si Shawn, pero hindi ito ang tipo na basta na lang mang-iiwan. There must be a reason.

For days, Nikita wondered kung ano ang rason. Then, she got it from an e-mail which read:

*Absolutely Yours - Sophia Conlu*

---

*"I'm sorry if I have to do this thru e-mail. Alam ko kasi na hindi ko magagawa ito nang harapan. I guess you were right. We need time to find ourselves. I love you, I will always do."*

After a while of e-mailing and chatting with each other, things seemed to get back to the same way they were. Nagkabalikan sila at sinubukang mapagtagumpayan ang long-distance relationship.

But fate interfered.

They both planned for vacations or weekend getaways, but when everything was set, one of them had to cancel because of a meeting or an emergency. Hindi nagtagal, hindi na sila nagkakausap. Hindi na rin sila nagsusulat sa isa't isa. Hindi na rin sila nagkikita.

Shawn started making his way up to be a businessman everyone expected him to be. Nikita was on her way to achieving her dreams. But it seemed like their dream to be with each other fell apart. They began leading separate lives.